SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by:
Date: 3/7/25 Time: 3:50

# KAPASIYAHAN BLG. 2025-25

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 1, H-2024 NG BARANGAY NG SAN PEDRO, BUSTOS, BULACAN NA NAGSUSUSOG SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 3, H-2019 NA NAGTATAKDA NG PAGTAAS NG SINGIL NG *BARANGAY CLEARANCE, BUSINESS CLEARANCE* AT *BARANGAY CERTIFICATIONS*."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*

**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** ang Barangay San Pedro, Bustos, Bulacan ay patuloy na nagsusumikap na mapabuti ang serbisyong pampubliko at matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan nito;

**SAPAGKA'T**, sa ilalim ng Kautusang Pambarangay Blg. 3, H-2019, ay itinakda ang mga singil sa pagkuha ng Barangay Clearance, Business Clearance, at Barangay Certifications;

**SAPAGKA'T**, sa pagtugon sa kasalukuyang pangangailangan at pagtaas ng gastusin sa pagpapatakbo ng mga serbisyo at proyekto ng barangay, kinakailangan ang pag-aamyenda sa nasabing kautusan upang makapagtakda ng mas angkop na singil;

**SAPAGKA'T**, ang Sangguniang Barangay ng San Pedro, Bustos, Bulacan ay naglabas ng Kautusang Pambarangay Blg. 1, H-2024 na nagsususog sa Kautusang Pambarangay Blg. 3, H-2019 upang itakda ang pagtaas ng mga singil sa nasabing mga sertipiko at clearance;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ay dumaan sa tamang proseso ng konsultasyon at pagsang-ayon ng mga kinauukulan at mga mamamayan ng barangay.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusang Pambarangay Blg. 1, H-2024 ng barangay ng San Pedro, Bustos, Bulacan na nagsususog sa Kautusang Pambarangay Blg. 3, H-2019 na nagtatakda ng pagtaas ng singil ng *barangay clearance*, *business clearance* at *barangay certifications*.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-27 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim